4

# Modelong Banghay-Aralin sa GMRC

Kuwarter 1

Aralin

1

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa GMRC 4**
**Kuwarter 1: Aralin 1 (Linggo 1)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Venicris M. Alonsozana (De La Salle University – Dasmarinas)

**Tagasuri:**
- Liza T. Bacierra (Leyte Normal University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph

**GMRC/ KUWARTER 1 / BAITANG 4**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling kakayahang mag-isip at magmahal na natatangi sa tao. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga kilos na nagpapakita ng kakayahang mag-isip at magmahal ng tao bilang tanda ng pagpapahalaga sa sarili.. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Naisasabuhay ang pagpapahalaga sa sarili sa pamamagitan ng pagbibigay-halaga sa mga sariling kakayahan na wala sa ibang nilalang (hal. kakayahang magpasya, umunawa ng damdamin ng iba).**<br>1. Nailalarawan ang mga katangian ng tao na nagpapabukod-tangi sa kaniya sa ibang nilalang<br>2. Naipaliliwanag na ang sariling kakayahang mag-isip at magmahal na natatangi sa tao ay magagamit niya upang mapabuti ang kaniyang mga gawi at pakikipag-ugnayan sa kapuwa<br>3. Nakapag-aangkop ng mga kilos na nagpapakita ng kakayahang mag-isip at magmahal ng tao bilang bahagi ng kaniyang pagkabukod-tangi |
| **C. Nilalaman** | Sariling Kakayahang Mag-isip at Magmahal na Natatangi sa Tao |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Pagpapahalaga sa sarili (*Valuing oneself*) |
| **E. Integrasyon** | Pagbabahagi ng sariling talento<br>*Cognitive Abilities* |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Department of Education (n.d.). MATATAG curriculum good manners and right conduct (GMRC) (Baitang 1-6) Values education (VE) (Baitang 7-10) *Gabay Pangkurikulum.* Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

Medriano, N.S. and Sagun, D.C. (n.d.). Lingguhang aralin sa GMRC 4 quarter 1: week 1 sy 2023-2024. Bureau of Learning Resources, Department of Education

Villanueva, V.M. (2018). #*ABKD: Ako bibo kase dapat: alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino.* Makati: VMV Publishing House

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>UNANG ARAW<br><br>MAIKLING BALIK-ARAL<br><br>Basahin at sagutin ang tanong.<br><br>Ayon sa Gabay Pangkurikulum ng GMRC:<br><br>Pamantayan sa Baitang 3: Pagpili ng mga kilos kaugnay ng kabutihang- asal at wastong pag-uugali na nagpapakita ng pagmamahal sa sarili, pamilya, kapuwa, Diyos, kalikasan, bayan, at sanlibutan,<br><br>Pamantayan sa Baitang 4: pag-unawa sa mga kilos sa kabutihang-asal at wastong pag-uugali para sa sarili, pamilya, kapuwa, bansa, kalikasan, at Diyos tungo sa paghubog ng mga virtue at pagpapahalaga.<br><br>Ano ang pagkakatulad ng GMRC 4 sa GMRC 3? Magbigay ng isang dahilan:<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>Ano ang pagkakaiba ng GMRC 4 sa GMRC 3? Magbigay ng isang dahilan:<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________</td><td>Isulat sa pisara ang dalawang pamantayan. Tumawag ng mag-aaral na sasagot sa tanong.<br><br>Iugnay ang GMRC 3 na nagpamalas sa mag-aaral ng pag-unawa sa mga konsepto at pagpili ng mga kilos kaugnay ng kabutihang- asal at wastong pag-uugali na nagpapakita ng pagmamahal sa sarili, pamilya, kapuwa, Diyos, kalikasan, bayan, at sanlibutan, sa GMRC 4 ay nagpapamalas ng pag-unawa sa mga konsepto at kilos sa kabutihang-asal at wastong pag-uugali para sa sarili, pamilya, kapuwa, bansa, kalikasan, at Diyos tungo sa paghubog ng mga virtue at pagpapahalaga.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **PAGLINANG SA KAHALAGAHAN SA PAGKATUTO SA ARALIN**<br><br>***Pass the Message Relay.*** Ibubulong ang mensahe sa kamag-aral at ipapasa ang mensaheng ito sa susunod hanggang sa huling mag-aaral ng pabulong. Pabilisang ihahayag ang mensahe ng huling kamag-aral sa pamamagitan ng pagsulat nito sa *bond paper* at ididikit sa pisara.<br><br>Unang Mensahe:<br>Kakayahang mag-isip at magmahal<br><br>Ikalawang Mensahe:<br>Mapabuti ang mga gawi at pakikipag-ugnayan sa kapuwa<br><br>Ikatlong Mensahe:<br>Katangian ng tao na nagpapabukod-tangi sa kaniya sa ibang nilalang | Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Pangkat 1 at Pangkat 2 ang unang maglalaro kasunod ay Pangkat 3 at Pangkat 4. Ang ikatlong at huling *round* ay sa pagitan ng mga nanalong pangkat sa mga nakaraang *rounds*.<br><br>Ipagpugay ang nanalo sa pamamagitan ng pagbibigay ng palakpakan.<br><br>Itabi sa gilid at huwag tanggalin ang *bond paper* sa pisara sa loob ng isang linggo, ipaliwanag at ipakilala ang mga ito bilang aralin para sa buong linggo. |
| | **PAGHAWAN NG BOKABOLARYO SA NILALAMAN NG ARALIN**<br><br>**Isang Tanong Pinakamagandang Sagot.** Magbigay ng isang halimbawa ng kilos na nagpapakita ng "pagpapahalaga sa sarili", na may kaugnayan sa sariling kakayahang mag-isip at magmahal na natatangi lamang sa tao.<br><br>Sagot: ______________________________<br>______________________________<br><br>Pinakamagandang sagot ng klase (sagot ni______________):<br>______________________________<br>______________________________ | Tumawag ng sampung mag-aaral upang magbahagi ng sagot. Itala ang sagot sa pisara at piliin ang pinakamagandang sagot ng buong klase sa pamamagitan ng botohan. Isulat ang pinakamagandang sagot at ang pangalan ng nagbigay ng sagot sa sagutang papel. |

**C. Paglinang at Pagpapalalim**

**IKALAWANG ARAW**

**KAUGNAY NA PAKSA 1: Katangian ng Tao na Nagpapabukod-tangi sa Kaniya sa Ibang Nilalang**

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**

**Pangkatang Gawain.** Gawin ang sumusunod ng bawat pangkat.

**Pangkat Pamilya:**
Ilista ang miyembro ng iyong pamilya at ilarawan ang mga katangian nila na nagpapabukod-tangi sa kanila sa ibang nilalang.

| Miyembro ng Pamilya | Mga Katangian Nila |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

**Pangkat Kaklase:**

Maglista ng 10 sa inyong mga kaklase at ilarawan ang mga katangian nila na nagpapabukod-tangi sa kanila sa ibang nilalang.

| 10 Kaklase | Mga katangian nila |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

Hatiin ang klase sa anim na grupo. Pangalanan ang tig-dalawang grupo ng sumusunod:
Pangkat Pamilya
Pangkat Kaklase
Pangkat Bayani

Pumili ng lider na magbabahagi ng sagot sa harap ng klase.

Ilista at isulat sa pisara ang mga katangiang ibabahagi na tumutukoy sa:
Pamilya
Kaklase
Bayani

Lagumin ang talakayan sa pagsasabi na: *"Ito ay halimbawa ng mga katangian ng tao na nagpapabukod-tangi sa kaniya sa ibang nilalang"* at lahat ay papalakpak ng malakas pagkatapos sabihin ng guro ito.

**Pangkat Bayani:**

Maglista ng pangalan ng 10 bayani at ilarawan ang mga katangian nila na nagpapabukod-tangi sa kanila sa ibang nilalang.

| 10 Bayani | Kanilang katangian |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**

Pumili ng isang katangian sa bawat pangkat at magbahagi ng konkretong karanasan kung paano pinahalagahan ang sarili ayon sa mga katangiang pinili. Mamarkahan ang sagot ayon sa nakapaloob na rubriks.

| Isang katangian sa bawat pangkat | Konkretong karanasan kung paano pinahalagahan ang sarili |
|---|---|
| Katangian pang-pamilya: | ____________________<br>____________________<br>____________________ |
| Katangian pang-kaklase: | ____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________ |
| Katangiang pang-bayani: | ____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________ |

Rubriks sa pagmamarka:

| Marka | Basehan ng Pagmamarka |
|---|---|
| 100 | Napakalinaw at tugma ang mga sagot |
| 90 | Malinaw at tugma ang mga sagot |
| 80 | Mayroong tugma ang mga sagot |
| 70 | Hindi malinaw at tugma ang mga sagot |
| 60 | Walang saysay at tugma ang mga sagot |

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

***Human Bingo.*** Umikot sa silid aralan at tukuyin ang kaklase na nakikitaan mo ng sumusunod na mga katangian. Hayaan ang kaklase ang sumulat ng kanilang pangalan.

| | | |
|---|---|---|
| *May Kalinisan* | *Mapagpasalamat* | *Matipid* |
| *May Karunungan* | *Mapagpasensiya* | *Matiyaga* |
| *Mabuting katiwala* | ______________ ***(pangalan mo)*** | *Matapat* |
| *Magalang* | | *May Pagmamahal sa Bayan* |
| *Mapagmalasakit* | *Mapanagutan* | *May Pananalig sa Diyos* |
| *Mapagpakumbaba* | *Masunurin* | *May Tiwala sa Sarili* |

Maaaring magpatugtog ng kantang *"That's what friends are for"* habang ginagawa ang Paglalapat at Pag-uugnay.

Bigyang pugay ang mga unang makakatapos.

Lagumin ang talakayan sa pagsasabi: *"Ang mga nakasaad na katangian, ay ang lahat na mga Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed) sa buong Antas o Baitang 4."*

**IKATLONG ARAW**

**KAUGNAY NA PAKSA 2: Sariling Kakayahang Mag-isip at Magmahal na Natatangi sa Tao**

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**

**Pagtapat-tapatin.** Ang sumusunod ay halimbawa ng mga kakayahan na natatangi sa tao. Itapat ang nasa Ikalawang Hanay sa tama nitong halimbawang kakayahan sa Unang Hanay. Ilagay ang letra ng tamang sagot sa patlang.

| Unang Hanay | Ikalawang Hanay |
|---|---|
| ____1. Kakayahang maging abstrakto | a. Kakayahang mag-isip |
| ____2. Kakayahang maging mapagkawanggawa | |
| ____3. Kakayahan sa konseptwalisasyon | b. Kakayahang magmahal |
| ____4. Kakayahan sa kritikal na pag-iisip | |
| ____5. Kakayahan sa pag-aalala at pagpaplano | |
| ____6. Kakayahan sa pagmamalasakit | |
| ____7. Kakayahan sa pag-unawa at empatiya | |
| ____8. Kakayahan sa pag-unawa sa dibersidad | |
| ____9. Kakayahang magbigay-pansin at makinig | |
| ____10. Kakayahang sa pag-aaral at pagsusuri | |

**Mga tamang sagot:**
1. a
2. b
3. a
4. a
5. a
6. b
7. b
8. b
9. b
10. a

**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**

**Pagpipili.** Piliin ang tamang sagot na tinutukoy ng bilang. Ilagay ang titik ng tamang sagot sa patlang.

____1. Ang kakayahan ng tao na tumingin sa iba't ibang perspektibo
a. Abstrakto
b. Pag-aalala at Pagpaplano
c. Kritikal na Pag-iisip

____2. Ang tao ay may kakayahang mag-aral at pumukaw ng kaalaman.
a. Pag-aaral at Pagsusuri
b. Konseptwalisasyon
c. Pag-aalala at Pagpaplano

____3. Ang tao ay may kakayahang mag-isip kahit wala itong pisikal na anyo.
a. Kritikal na Pag-iisip
b. Abstrakto
c. Pag-aaral at Pagsusuri

**Mga tamang sagot:**
1. c
2. a
3. b
4. b
5. c

____4. Ang tao ay may kakayahang mag-isip tungkol sa hinaharap
a. Konseptwalisasyon
b. Pag-aalala at Pagpaplano
c. Abstrakto

____5. Malalim na pang-unawa sa mga konsepto tulad ng katarungan, pag-ibig, at kagandahan.
a. Pag-aaral at Pagsusuri
b. Kritikal na Pag-iisip
c. Konseptwalisasyon

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

**Pagtatanghal ng kakayahan o talento.** Mag-iisip ng isang itatanghal na talento o kakayahan ang iba't ibang pangkat. Mamarkahan ang pagtatanghal ayon sa nakapaloob na rubriks.

Ang itatanghal na talento / kakayahan ay maaaring sa pag-awit, pagsayaw, pag tula, pag dula, tumugtog ng instrumento, pagbibigay ng *joke*, magbalita bilang *reporter*, at *skill* o kakayahang siya lang bukod-tangi ang nakakagawa.

Iugnay ang "Kakayahang magmahal" *(Capacity to Love)* sa itatanghal na talento / kakayahan. Halimbawa, awit tungkol sa pagmamahalan, at iba pa.

Rubriks sa pagmamarka:

| Marka | Basehan ng Pagmamarka |
|---|---|
| 100 | Napakahusay at napakalinaw ang kaugnayan sa kakayahang magmahal |
| 90 | Mahusay at malinaw ang kaugnayan sa kakayahang magmahal |
| 80 | May kaugnayan sa kakayahang magmahal ang pagtatanghal |
| 70 | Hindi mahusay at malinaw ang kaugnayan sa kakayahang magmahal |
| 60 | Walang kaugnayan sa kakayahang magmahal ang pagtatanghal |

Balikan ang anim na grupo (Pangkat Pamilya, Pangkat Kaklase, at Pangkat Bayani)

Lagumin ang talakayan sa pagsasabi ng: "Lahat ng tao ay may kakayahang mag-isip *(Cognitive Abilities)* at ito'y ibinabahagi at itinatanghal tanda ng kaniyang kakayahang magmahal *(Capacity to Love)".*

**IKAAPAT NA ARAW**

**KAUGNAY NA PAKSA 3: Kilos na Nagpapakita ng Kakayahang Mag-isip at Magmahal ng Tao Bilang Bahagi ng Kaniyang Pagkabukod-tangi.**

**PAGPROSESO NG PAG-UNAWA**

***Word Hunt.*** Hanapin sa tsart ang limang (5) bukod-tanging kilos ng tao na nagpapakita ng kakayahang mag-isip at magmahal. Bilugan sa tsart at isulat sa patlang ang tamang mga sagot.

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | L | G | P | A | G | M | A | M | A | L | A | S | A | K | I | T | P | W | D | G | S | X | V | M | T | U | P |
| M | A | G | K | A | W | A | N | G | G | A | W | A | S | D | F | G | H | J | K | L | E | R | T | Y | U | I | S |
| V | R | B | T | N | Y | M | U | P | A | G | U | N | A | W | A | S | A | D | I | V | E | R | S | I | D | A | D |
| M | A | G | B | I | G | A | Y | P | A | N | S | I | N | A | T | M | A | K | I | N | I | G | E | F | B | J | I |
| K | J | H | G | P | A | G | U | N | A | W | A | A | T | E | M | P | A | T | I | Y | A | M | H | R | S | U | Z |

Sagot:
1. ____________________________________________
2. ____________________________________________
3. __________________ sa _________________________
4. __________________ at _________________________
5. __________________ at _________________________

**Mga tamang sagot:**
1. Pagmamalasakit
2. Magkawanggawa
3. Pag-unawa sa diversidad
4. Magbigay-Pansin at Makinig
5. Pag-unawa at Empatiya

**PINATNUBAYANG PAGSASANAY**

**Pagpipili.** Piliin ang tamang sagot na tinutukoy ng bilang. Ilagay ang titik ng tamang sagot sa patlang.

____1. Kilos na nagbibigay ng gawang pagtulong sa iba.
 a. Pagkamalasakit
 b. Magkawanggawa
 c. Pag-unawa sa diversidad

____2. Kilos na kahandaan sa mga pangangailangan komunikasyon.
 a. Magbigay-pansin at makinig
 b. Pagkamalasakit
 c. Pag-unawa at empatiya

____3. Kilos na maunawaan ang mga damdamin, pangangailangan, at karanasan ng iba.
 a. Magkawanggawa
 b. Pag-unawa at empatiya
 c. Magbigay-pansin at makinig

**Mga tamang sagot:**
1. b
2. a
3. b
4. c
5. a

____4. Kilos na nagpapahayag ng pag-alala sa kapakanan ng iba.
a. Pag-unawa at empatiya
b. Pag-unawa sa dibersidad
c. Pagkamalasakit

____5. Kilos na nagmamahal sa iba't ibang pananaw, kultura, at karanasan.
a. Pag-unawa sa dibersidad
b. Magbigay-pansin at makinig
c. Magkawanggawa

**PAGLALAPAT AT PAG-UUGNAY**

**Paglalarawan.** Sa isang *bond paper*, mag *drawing,* o gumuhit ng larawan na nagpapakita ng kilos na kakayahang mag-isip at magmahal ng tao bilang bahagi ng kaniyang pagkabukod-tangi. Lagyan ng akmang pamagat o titulo ang iyong *drawing* o larawan. Gamiting gabay ang nakapaloob na rubrik sa pagmamarka ng sagot.

______________________________
(pamagat o titulo)

______________________________
(iyong pangalan)

Rubriks sa pagmamarka ng *drawing* o larawan:

| Marka | Basehan ng Pagmamarka |
|---|---|
| 100 | Napakalinaw ang kilos na kakayahang mag-isip at magmahal ng tao bilang bahagi ng kaniyang pagkabukod-tangi |
| 90 | Malinaw ang kilos na kakayahang mag-isip at magmahal ng tao bilang bahagi ng kaniyang pagkabukod-tangi |
| 80 | Mayroong kilos na kakayahang mag-isip at magmahal ng tao bilang bahagi ng kaniyang pagkabukod-tangi |
| 70 | Hindi malinaw ang kilos na kakayahang mag-isip at magmahal ng tao bilang bahagi ng kaniyang pagkabukod-tangi |
| 60 | Walang nakikitang kilos na kakayahang mag-isip at magmahal ng tao bilang bahagi ng kaniyang pagkabukod-tangi |

**D. Paglalahat**

**IKALIMANG ARAW**

**PABAONG PAGKATUTO**

**Tama-Mali-Dahilan (T.M.D).** Sabihin ang "Tama" kung ikaw ay sumasang-ayon o "Mali" kung hindi sumasang-ayon kung ang sumusunod ay mga kilos na nagpapakita ng pagkalinga at pagmamalasakit sa mga may-sakit, mga nakatatanda, mga taong may kapansanan, o mga taong may natatanging kondisyon. Isulat ang "Dahilan" kung bakit ito ang iyong sagot.

| Mga kilos na Nagpapahalaga sa Sariling Buhay o Nagpapakita ng Paggalang sa Sarili | Lagyan ng "tsek" | | DAHILAN |
|---|---|---|---|
| | TAMA | MALI | |
| 1. Ang tao ay may sariling at panlipunang kakayahang mag-isip at magmahal | | | |
| 2. Ang pagpapahalaga sa sarili ay maaari din iugnay sa bagay at mga sariling pag-aari. | | | |
| 3. Ang hindi pagbabahagi ng sariling talento o kakayahan ay mabigat na kasalanan. | | | |
| 4. Tanging sa paaralan lamang nakikita ang mga *Cognitive Abilities.* | | | |

Ang Pabaong Pagkatuto at Pagninilay sa Pagkatuto ay parehong gawaing indibidwal. Bigyan ang klase ng 15 minuto para sumagot.

Maaaring tumawag ng ilang mag-aaral para magbahagi ng kanilang sagot para sa talakayan ng aralin bago ang huling pagsusulit.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | _______________<br>_______________<br>_______________<br>_______________<br>_______________ |
| | 5. Lahat ng pagpapahalaga ay may kaugnayan sa sariling kilos. | | | _______________<br>_______________<br>_______________<br>_______________<br>_______________<br>_______________ |

**PAGNINILAY SA PAGKATUTO**

**Balik-Tanaw sa Kabutihang Asal at Wastong Pag-uugali.** Magnilay at sagutin ang mga sumusunod.

Bilang mag-aaral na may Kabutihang Asal (ikaw iyon), ano pang Kabutihang Asal ang natutuhan mo sa Araling ito?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

Anong pag-uugali ang ginagawa mo ngayon na dapat mong iwasto kaugnay sa iyong natutuhan na Kabutihang Asal sa aralin?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **PAGSUSULIT**<br><br>Piliin ang tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.<br>1. Ano ang ibig sabihin ng "kritikal na pag-iisip"?<br>a. Pagsunod sa utos ng iba nang walang tanong-tanong.<br>b. Pagsasagawa ng matinding pagsusuri sa sariling kakayahan.<br>c. Pagsusuri at pagbalanse ng mga ebidensya at argumento bago magdesisyon.<br>d. Pagtanggap ng impormasyon nang walang pag-aalala sa kredibilidad nito.<br><br>2. Ano ang empatiya?<br>a. Kakayahang mag-isip nang malalim.<br>b. Kakayahang manghula sa nararamdaman ng iba.<br>c. Kakayahang maging malikhain sa pagpapahayag ng damdamin.<br>d. Kakayahang unawain at maramdaman ang nararamdaman ng iba.<br><br>3. Paano ginagamit ng tao ang kakayahang magmahal sa pakikipag-ugnayan sa iba?<br>a. Sa pamamagitan ng pagiging mahigpit sa kanilang opinyon.<br>b. Sa pamamagitan ng pagpapalit ng isang bagay sa kabutihan ng iba.<br>c. Sa pamamagitan ng pagiging madamdamin sa lahat ng pagkakataon.<br>d. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa damdamin at pangangailangan ng iba.<br><br>4. Anong uri ng kakayahang mag-isip ang nagbibigay sa tao ng kapasidad na suriin ang mga bagay nang masusi?<br>a. Kritikal na pag-iisip.<br>b. Pag-iisip ng abstrakto.<br>c. Malikhain na pag-iisip.<br>d. Kakayahang mag-isip nang masalimuot.<br><br>5. Bakit mahalaga ang kakayahang magmahal sa pag-unlad ng relasyon?<br>a. Ito ang nagpapalakas sa galit at pag-aaway.<br>b. Ito ay nagpapatibay sa pag-unlad ng relasyon.<br>c. Ito ay hindi nagbibigay-daan sa patuloy na pagmamahal.<br>d. Ito ay minsang nagbibigay inspirasyon sa pagtulong at pag-unawa.<br><br>**GAWAING PANTAHANAN/TAKDANG-ARALIN**<br><br>***J.S.From (Journal-Survey from Mon-Sun).*** Bago matulog araw-araw sa susunod na buong linggo ay matapat na sagutin ang pansariling pagtataya ng kagandahang asal na nagawa sa buong linggo. | **Mga tamang sagot:**<br>1. c<br>2. d<br>3. d<br>4. a<br>5. b<br><br>Magsisimula ang tala sa Biyernes kung kailan natapos ang aralin. Walang takdang |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td rowspan="2">Mayroon ba akong napakitang kritikal na pag-iisip, pagmamahal o katapan sa araw na ito? Banggitin sa huling hilera kung kanino ito pinakita (puwedeng sumagot ng “wala”)</td><td colspan="5">Lagyan ng Isang Tsek (√) ang Pinakitang Kilos</td></tr>
<tr><td>Fri</td><td>Mon</td><td>Tues</td><td>Wed</td><td>Thurs</td></tr>
<tr><td>Kritikal na pag-iisip</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pagmamahal</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Katapatan</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kanino</td><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>aralin sa Sabado at Linggo at itutuloy ito sa Lunes hanggang Huwebes lamang para sa susunod na bagong takdang aralin tuwing Biyernes.<br><br>Ang pagtala ng katapatan ay may kaugnayan sa ikalawang aralin ng kuwarter tungkol sa “matapat” bilang pagpapahalagang lilinangin sa mabuting pakikitungo sa mga kasapi ng pamilya.</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>
<table>
<tr><th>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</th><th>Epektibong Pamamaraan</th><th>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</th></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td>Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td>Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?</td>
<td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.</td>
</tr>
</table>